Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
Bayan ng Lumban
**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**SIPI SA KATITIKAN NG PULONG PANGKARANIWAN NG KGG. SANGGUNIANG BAYAN NG LUMBAN, LAGUNA NA GINANAP SA BULWAGANG ATTY. BENJAMIN E. AGARAO SR. NOONG IKA-06 NG AGOSTO, 2020 SA GANAP NA IKA-09:31 NG UMAGA.**

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. BELEN B. RAGA | -----------*Pangalawang Punumbayan/ Tagapangulo* |
| KGG. RHODA DM. RABIE | ----------- Kagawad |
| KGG. IRENEO R. BALDOVINO | ----------- Kagawad |
| KGG. GERONIMO P. SAMONTE JR. | ----------- Kagawad |
| KGG. SHERYLL TABLICO-GAURINO | ----------- Kagawad |
| KGG. ORLANDO R. DE LUNA | ----------- Kagawad |
| KGG. JOHN ALBERT RANA | ----------- Kagawad |
| KGG. EDGARDO B. GONZALES | ----------- Kagawad |
| KGG. ARIEL D. AÑONUEVO | ----------- Pangulo-LnB |
| KGG. RENZO L. MATIENZO | ----------- Pangulo-SKF |

**DI-NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| KGG. ROSE ANN R. AÑONUEVO | ----------- Kagawad (Nasa Opisyal na Gawain) |

**KAPASIYAHANG BLG. 57 T. 2020**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PANSAMANTALANG PAGBABAWAL SA PAGBEBENTA AT PAG-INOM NG INUMING NAKALALASING SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG LUMBAN HABANG MAY BANTA NG CORONA VIRUS DISEASE (COVID 19).**

Akda ni **KGG. ARIEL R. AÑONUEVO**
Pangulo ng LNB

**SAPAGKAT,** salig sa Seksyon 5, Artikulo I ng Saligang Batas, marapat na panatilihin ang kapayapan at kaayusan, pangalagaan ang buhay, kalayaan at ari-arian, at itaguyod ang kapakanang pangmadla na siyang lubhang mahalaga upang tamasain ng lahat ng mamamayan ang bunga ng demokrasya;

**SAPAGKAT,** itinatadhana sa Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o ang Local Government Code of 1991, na ang bawat pamahalaang lokal ay marapat na isagawa ang ipinagkaloob na kapangyarihan na siyang kinakailangan upang bigyan ng implikasyon, kabilang ang kapangyarihan na kinakailangan na angkop para sa epektibong pamamahala at iba pang kinakailangan sa pagsusulong ng kapakanang pangmadla;

**SAPAGKAT**, noong ika-8 ng Marso 2020, ay inilabas ng Pangulong Rodrigo Roa Duterte ang Proclamation No. 922 na may pamagat na "DECLARING A STATE OF PUBLIC HEALTH EMERGENCYTHROUGHOUT THE PHILIPPINES";

**SAPAGKAT**, salig sa Republic Act No. 11332 o ang "Law on Reporting of Communicable Diseases and Health Events of Public Health Concern Act", na ang mga Pambayang Sangay Pangkalusugan ay may kapangyarihan at awtoridad na magpatupad ng rapid containment, quarantine and isolation, disease prevention and control measures maging ang pagtugon sa mga kaganapan na tumutukoy sa kalusugan ng madla;

**SAPAGKAT**, pinatunayan ng Pambayang Rural Health Unit (RHU) at ng mga Opisyal ng Barangay na ang pagbibili at pag-inom ng mga inuming may alcohol o nakalalasing matapos ang pagtataas ng Liquor Ban sa gitna ng umiiral Community Quarantine ay nagbunga ng muling pagkukumpulan ng mga tao na siyang nagpataas ng banta sa hawahan ng COVID 19 at muling pagtaas ng mga insidente ng kaguluhan kabilang na rin ang patuloy ng paghina ng resistensya ng mga taong umiinom ng alak at iba pang inuming may alcohol.

**SAPAGKAT**, ang Municipal Inter-Agency Task Force on COVID 19 ay agarang nag bigay ng matibay na rekomendasyon na marapat na magpatupad ang lokal na pamahalaan ng mga hakbangin upang muling kontrolin at limitahan ang pagbibili at pag-inom ng mga inuming nakalalasing sa panahon na ito na umiiral ang national health emergency bilang hakbang sa pagkontrol ng nakahahawang sakit;

**DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Ariel D. Añonuevo na pinangalawahan ni Kgg. John Albert Rana at sinang-ayunan ng lahat ng mga nagsidalo ay;

**IPASIYA**, gaya ng dito ay **IPINASIYA** na, pagtibayin ang Kapasiyahang na pansamantalang pagbabawal sa pagbebenta at pag-inom ng inuming nakalalasing sa nasasakupan ng Bayan ng Lumban habang may banta ng Corona Virus Disease (COVID-19).

**IPINASIYA PA RIN**, na pahatiran ng sipi ng Kapasiyahang ito ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-06 ng Agosto, 2020.

**PINATUTUNAYAN KO,** ang katumpakan at kawastuan ng kapasiyahang ito.

**CORAZON B. PADUA**
*Kalihim ng Sangguniang Bayan*

**Nagpatotoo:**

**BELEN B. RAGA**
*Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo ng Sesyon*

**Pinagtibay:**

**ROLANDO G. UBATAY**
*Punumbayan*

*Xcerpt0806120res57*